ULÓS

ULUSIN NG PLUMA AT PINSEL ANG KAAWAY!

TAON 1, BILANG 1

NOBYEMBRE 2, 1972

NILALAMAN

Editoryal ●

Pagwalakiy ng mga grupong pangkultura ●

Smash "New Society's" Cultural Machine ●

"Filipino" Culture: A Big Hoax ●

Tula ●

Surian Ng Sining ●

Cheong Sining ●

EDITORYAL

GAWING SANDATA ANG REBOLUSYONARYONG KULTURA
LABAN SA DIKTADURANG E.U.-MARCOS

Sa pagpapataw ng martial law sa buong bayan, itinatag ng pasistang pangkating E.U.-Marcos ang isang diktadurang magtatanggol pang lalo sa kapakanan ng imperyalismong Amerikano at mga alipuris nito. Ito ang pinakamabigat na krimen na ang kabayara'y sisingilin sa bandang huli ng masa ng sambayanan.

Kung mayroon nang naibungang magaling ang lantarang pananalakay na ito sa mga demokratikong karapatan ng mga mamamayan, iyon ay ang pagtuturo sa kanila ng mahigpit na pangangailangang pag-ibayuhin ang pagtutol sa marahas na paghahari ng diktadurang E.U.-Marcos. Yaong hindi pa noong tuwirang nakararanas ng pagpapahirap at pagmamalupit ng militar noong una ay mabilis ngayong namumulat sa kabuktutan ng pasistang diktadura at mabilis ding nakauunawa sa katarungan ng rebolusyonaryong karahasan laban sa kontra-rebolusyonaryong karahasan.

Totoong hindi mapatawaran ang kasakiman na kapangyarihan ng diktadurang E.U.-Marcos. Gorapal at walang patumanggga ang paninikil nito sa lahat ng larangan. Sa larangan ng kultura, ipinedakip nito ang mga aktibistang pangkultura, ipinagbawal ang mga progresibong samahang pangkultura at mga progresibong pagtatanghal, at ipinagkait sa kanila ang demokratikong karapatan ng pagpupulong at pagtitipon.

Palibhasa'y inanlihan ng iluayong magsubhan ang naglalatang na poot sa dibdib ng sambayanan sa pamamagitan ng pagbabaha ng mga utos, atas at tagubilin, ipinalabas pa ng pasistang diktador na si Marcos ang Tsihan ng Tagubilin Blg. 1 na kunin ang pamamahala sa lahat ng pahayagan, magasin, estasyon ng radyo at telebisyon at iba pang media ng komunikasyon. Ang kanyang basalyong si Tatad ay nagpalabas naman ng Utos Pangkagawaran Blg. 1 at Utos Pangkagawaran Blg. 2 na pawang naglalayong idikta ang nilalaman ng lahat ng lathalain at ipagbawal ang anumang publikasyong tutol sa pasistang diktadura.

Samantala, sa pamamagitan ng mass media na kontrolado't pag-aari ni Marcos at ng kanyang mga kampon, minu-minuto'y ikinakatsang ng KBS, VOP, Daily Express, Times Journal atbp., ang kasinungalingang "yayabong" ang kulturang pambansa sa "bagong lipunan". Ang binabalak na National Institute of Arts and Letters ang tiyak na magiging sentro sa pagpapaklat ng kahibangan na sa "bagong lipunan" ay umiiral ang bagong kultura.

Ganito ang lohika ng isang rehimeng desesperado na sa pagtatangkang solohin ang lahat ng kapangyarihan at sugpuin ang lahat ng klase ng oposisyon para sa sarili nitong kapakanan. Kung gaano kalaki ang takot ng diktadurang E.U.-Marcos ng matutong humawak ng baril ang mga mamamayan at lumaban sa pang-uapi, gayon din kalaki ang pangamba nitong mapapakamay nila ang isa pang mabisang sandata--ang sandata ng rebolusyonaryong kultura. Sulad ng baril, ang plum't pinsel ay kasay ng rebolusyonaryong mamamayan ay mga nakamamatay na sandatang ipang-uulos nila sa naghahariang uri na kinakatawan ngayon ng pangkating E.U.-Marcos.

Ang pagtnas ng antas ng rebolusyonaryong pakikibaka ay nagdudulot ng higit na malalaking responsabilidad para sa lahat ng nakikibaka sa anumang larangan. Ang hukbong pangkultura na pinamamatnugutan ng pinakamulat at pinakamulat na mga elemento ay dapat magpabalikat ng mumunod na tatlong mahahalagang tungkulin:

1. Makipag-isa sa lahat ng puwersang sumasalungat sa pasistang diktadura ng pangkating E.U.-Marcos at matatag na makibaka upang ito'y maibagsak. Sa partikular, dapat palawakin ang anti-pasista at anti-imperyalistang pagkakaisang pronte sa larangan ng kultura. Dapat makipagtulungan sa iba't ibang sektor, samahan at indibidwal na mabilis na makapagpapalinganap ng balita't opinyon laban sa pasistang diktadura. Sa kasalukuyan'y tiyak na napakarami ng mga grupo't indibidwal na ginigipit sa iba't ibang paraan ng diktadurang E.U.-Marcos at nais makipagtulungan sa atin. Sa gayo'y makukuha natin ang pinakamalawak na pampulitika at materyal na tulong at kasabay nito'y maiaangat natin ang kanilang simpatiya tungo sa mas matnas

na anyo ng pakikibaka, kabilang ang sandatahang pakikibaka. Sa kalagayan ng mahigpit na paniniktil, dapat palalimin at patibayin ang mga lihim na pamamaraan ng pagpopropaganda at ganitin sa ating kapakinabangan ang mga ipinahihintulot na paraan upang maabot ang mas malawak na publiko. Sa mga kalunsuran at kabigera ng mga probinsiya't munisipalidad, dapat magkaroon ng maingat at masusing paglilipat sa kanayunan ng mga pangunahing aktibistang pangkultura na nanganganib na madakip o kaya'y inuusig ng pasistang diktadura at hindi na makaganap ng tungkulin na kasimbisa noong una. Sa gayo'y makapagbubukas ng mga bagong larangan sa pakikibaka, maipalalaganap ang rebolusyong pangkultura sa buong bayan at maihahanda ang kanayunan bilang matibay na kuta ng rebolusyon na kukubkob at sagaw sa kalunsuran sa bandang huli.

2. Ilantad ang bulok at kontra-rebolusyonaryong kultura ng "bagong lipunan" sa ilalim ng diktadurang E.U.-Marcos. Ang tinatawag na "bagong lipunan" ay mas masahol pa sa dating nabubulok na lipunang tinapalan lamang ng huwad na reporma ng diktador na si Marcos. Samakatwid, magpapatuloy na luma at mapang-api ang kultura ng lipunang Pilipino, tawagin mang "bago" ang lipunang iyan. Mababago lamang ang kulturang umiiral kung mababago ang balangkas ng ating mala-piyudal at mala-kolonyal na lipunan. Suriin ang mga pakanang pangkultura ng "bagong lipunan" upang maipakita sa iba't ibang uri at sektor ng lipunan kung paano tinatangkang lasunin ng pasistang diktadura ang kaisipan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng mga kaisipang peniminista, pasibo at palasuko. Ipakita rin sa hanay ng mga manunulat, artista at iba pang tagapagpalaganap ng balita't opinyon kung paano sila tinatangkang ganitin upang pahatiliin ang paghahari ng diktadurang E.U.-Marcos laban sa sambayanan.

3. Buong sigasig na paunlarin ang panitikan at sining na may katangiang pambansa, siyentipiko at panggrasa upang lalong mapatatag ang rebolusyonaryong pakikibaka laban sa diktadurang E.U.-Marcos. Pagyamanin ang nilalaman at anyo ng rebolusyonaryong panitikan at sining. Ang mga obrang pangkultura ay dapat malinaw na tumutkoy sa pangangailangan ng masigasig na pakikibaka laban sa tatlong kaaway ng bayan: ang imperyalismong Amerikano, ang piyudalismo at ang burukratang kapitalismo. Dapat palaganapin ang kaisipan ng rebolusyonaryong optimismo at tiwala sa tagumpay ng sambayanan. Ang mga aktibistang pangkultura ay dapat manguna sa paglikha ng iba't ibang anyo ng propaganda na mabisa at madaling maunawaan ng malawak na masa ng sambayanan. Samakatwid, dapat silang mag-aral ng mga kongkretong kalagayan at mula rito'y lumikha ng mga paraang pampropaganda na angkop sa kalagayan. Dapat lalong paunlarin ang iba't ibang paraan ng propaganda, tulad ng polyeto, leaflet, maiikling newsheet, peryodikit at inlogan. Palaganapin ang pagtutol na pasistang diktadura sa pamamagitan ng mga popular na awitin ng protesta, mga tula, maiikling kuwento at maiikling dula. Linangin ang anyong pabigkas sa panitikan upang mabilis na maipalaganap ang mga akdang rebolusyonaryo. Paunlarin ang mga paraan ng paglalarawan sa pang-aapi ng pasistang diktadura at paglaban ng sambayanan sa pamamagitan ng mga simple ngunit epektibong anyo ng sining-biswal. Akitin ang higit na maraming manunulat, aktor at artista na mag-ambag ng kanilang kakayahan sa paglikha at pagpapalaganap ng rebolusyonaryong kultura para sa mga rebolusyonaryong uri, upang lalong mapasigla ang pakikibaka laban sa diktadurang E.U.-Marcos.

Sa ganitong kritikal na pagbabago ng kalagayan, higit na dapat hawakang mahigpit ng bukbong pangkultura ang mandato ng rebolusyonaryong kultura. Ang mandatong ito'y dapat paalingawngawin at lalong patingkarin. Paalingawngawin itong sinlakas ng putok ng baril na magpapayanig sa bungo ng kaaway. Patingkarin itong simpula ng dugong ibinububo ng mga kasamang makikibaka sa larangan.

Patalasin natin ang plumo't pinsel at ulusin ang kaaway!



PINUPUNTIRYA NG DIKTADURANG M.U.-MARCOS ANG MGA GRUPONG PANGKULTURA

Umaabot hanggang sa larangan ng kultura ang mga gerilang ng diktadurang militar. Sapagkat napapatunayang mabisa sa paglalantad ng kabulukan ng kasalukuyang rehimen at sa pagpukaw at pagpapakilos sa malawak na masa ng sambayanan, bigong pinupuntirya ngayon ng pangkating M.U.-Marcos ang mga grupo at aktibistang pangkultura kaugnay ng pagtatatag nito ng pasistang diktadura sa buong bayan.

Ang totoo'y hindi na tinatantanan ng reaksiyonaryong estado ang pananalakay sa mga organisasyong pangmasa sa larangan ng kultura bago pa man pasimulan ang "Bagong Lipunan".

Noong umaga ng Setyembre 23, dinakip ng mga pasistang tropa ang may 16 aktibistang pangkultura na bumubuo ng isang yunit-pagtatanghal ng Gintong Silahis sa isang baryo sa Laoag, Ilocos Sur.

Hanggang sa isinusulat ang balitang ito ay nananatiling nakapiit ang mga iyon sa Camp Aquino, Tarlac, kasama ng mahigit sa 200 bilanggong pulitikal na walang pakundangang pinagdadakip ng militar sapul nang ideklara ang martial law noong Setyembre 21.

Dumating sa lunsod ng Baguio mula sa Maynila ang nasabing yunit-pagtatanghal noong sinumang araw na nilagdaan ni Marcos ang Proklamasyon Blg. 1081 upang magtanghal sa kumperensiya ng College Editors Guild of the Philippines (CEGP).

Sa kabila ng kumalat na balitang pinaghuhuli ang mga "estranghero" sa Baguio, nakapagtanghal pa rin sila nang sumunod na araw.

Agad nilisan ng yunit ng CS ang Baguio nang matiyak nilang sila ang pakay ng isang bagong dating na destakamento ng PC at nagtungo sila sa Laoag. Sa kabila ng patuloy na pagbuntot sa kanila ng mga pasistang tropa at bayarang ahente ng kaaway ay nagawa pa rin nilang makapagtanghal sa Divine Word College sa lunsod na ito.

Kinagabihan ng Setyembre 29, matapos mapag-alamang deklarado na ang martial law, pinagsikapan nilang makapagtanghal-baryo upang makalayo na nga nagsisibabol na PC. (Noong gabi ring iyon sinalakay ng PC ang kumperensiya ng CEGP.) Hagunmag nilang nagtakbo subalit kinawawahan ay inabutan nilang putung-puta ng mga pasistang buhong.

Sila, kasama ng iba pang kasapi ng KM at SDK sa Laoag, ay may ilang araw ding binimbin sa kampo na lunsod na iyon bago tuluyang inilipat sa Camp Aquino. Dito'y binugbog nilang lahat ng mga pasistang PC at pilit na pinaaamin ang mga imbentibo.

Sa Camp Aquino, nakaraan ang isang buwang pagkakabilanggo ay nanatiling mataas ang moral at matibay ang paninindigan ng grupo at ng iba pang mga bilanggong pulitikal sa kabila ng kung anu-anong makahayup na pagpapahirap sa kanila ng mga pasistang halimaw.

ROTC Vanguard, Kempetai

Sa UP Diliman naman, hindi tuwirang mga pasistang tropa ng PC ang tumutugis sa mga kasapi ng mga organisasyong pangmasang pangkultura. Dito'y ginagamit nila ang mga bagitong ROTC Vanguard sa tulong ng UP Security Police upang tugisin ang mga militanteng aktibistang buong tapang na nagpapahayag ng kanilang pagtutol sa diktadurang militar.

Isa na dito si Cecilio Vermudes, kasapi ng Diliman GS. Si Vermudes ay dinakip noong Oktubre 3 sa diumano'y grabeng pagkakasalang pagdidikit sa waiting shed ng isang islogang tumutuligsa sa diktadurang M.U.-Marcos.

Nang dalhin siya sa tanggapan ng UP Security Police, walang sabi-sabing pinagsasampal siya at dinibdiban ni Julio Arambulo, isang tipikal na pasistang aprentis ng UP Vanguard at talumang kabayo ng isang reaksiyonaryong partidong pampulitika sa UP noong maghalalan sa Student Council.

Bilang pagnanasay sa gawaing pasista, si Vermudes ay "iniinbestigahan" ni Arambulo at ng isang Vic Sevilla, isa pang miyembro ng Vanguard, at pagkatapos ay dinala sa Camp Crame upang dito'y paratangan ng kung anu-anong kaimbungalingan.

Sa kabila ng ganitong pagtugis ng mga pasistang aprentis na ito ay patuloy pa rin nagpapahayag ng kanilang pagtutol ang mga aktibista ng mga pambansang demokratikong organisasyon sa iba't ibang paraan.

Spotters, naglalat

Sapagkat patuloy na nagagamyapa na dilim ang pangkating M.U.-Marcos, sinisikap nito ngayong gumamit ng mga spotter upang maiilala ang mga aktibistang pangkultura at madakip ang mga iyon.

Ang bigong pagtatangkang ito ng ganitong estilo ng pagtugis sa mga aktibista ay lantad na sa hanay ng mga kasapi at sim-

patisador ng mga organisasyong pangmasa kayn't sa halip ay itong mga spotter na ito ang siyang maiispotan.

Sa Panday-Sining lamang, apat na beses nang nakita ng mga kasapi nito ang isang nagngangalang Ric Libot (o Lopez) alyas Ric Apoy, na sakay ng kotse o kaya'y dyip ng Metrocom--naglilibot sa Kamaynilaan at namumuti ang mata sa kahahanting sa mga aktibista.

Ang spotter na ito ay matagal nang napatunayang "infiltrator" ng bulok na AFP. Apat na buwan muna nang itatag ang Panday-Sining, pinagsikapan na nitong makapasok dito upang mag-espiya at magkalat ng intriga sa loob ng organisasyon. Pagkaraan ng maingat at maunawing pagsisiyasat sa di-kilang mulubhang pangyayari na kaugnay ng kanyang pag-espiya at pag-iintriga, agad siyang pinatalsik sa organisasyon.

Ang pangyayaring ito ang nag-udyok sa iba pang organisasyong pangkultura tulad ng Samahang Kamanyang, Nagkakaisang Progresibong Artista-Arkitekto at Sining-Bayan upang magpalitan ng impormasyon at siyasatin ang mga pinaghihinalaang ahente ng estado sa kanilang hanay. Di nag-lao'y napag-alaman ding hindi lamang isang tao kundi isang grupong binubuo ng 4-5 katao ang binabayaran ng AFP upang magespiya sa bawat pangkulturang organisasyong pangmasa.

Itong mga nalantad nang espiya ang ginagamit ng reaksiyonaryong estado ngayon bilang mga spotter. Kaya nga't nitong nakaraang Setyembre 20, sa isang pagpapatrulya o "spotting" ni Ric Apoy at ng tatlo pang Metrocom na Quinpo, natiyempuhan niya ang isang kasapi ng Panday-Sining na lulan ng isang pampasaherong dyip. Bago makakilos ang mga Metrocom na kasama ng nasabing spotter, nabilis na nakapibit ng dyip ang naturang aktibista at naglahong parang bula sa karamihan ng mga tao na nuking nakamasid sa mga nagaganap-tunging Metrocom.

Ang gantong estilo ng pagtugis ng kaaway at ang iba pang paraan ng pagsikil nila sa mga grupong pangkultura ay madaling nabubunyag at nabibigo at lalo lamang nagmumukhang katawa-tawa ang mga pasistang tropa sa paningin ng mga mamamayan.

Pagsusurgalang ng masa

Ang nakatatanungang pagkamuhi ng sambayanan at terorismong AFP ay naipahahayag nila sa pamamagitan ng pagsasanggalang sa mga aktibista. Ganito ang nangyayari sa maraming komunidad sa Kaynila't karatig na dito'y napatutunayan kung gaano kalakas ang pagtangkilik ng sambayanan sa pambansang demokratikong kilusan.

Sa isang komunidad sa Kaynila, noong Oktubre 3, isang balangay ng isang pamamang pangkultura ang naghahanda para sa isang pagtatanghal hinggil sa martial law at sa bangkaroteng "bagong lipunan". Sa kagagawan ng isang bayarang ahente ng AFP ay nabulgar ang nasabing pagpupulong.

Hindi po nan nakolalayit ang mga puwersang pangalakay ng PC para dakpin ang mga nagsisipagpulong, nabilis nang nagpalipat-lipat sa bibig ng mga tagnbaryo ang impormasyong may sasalakay na mga PC at ito'y naipanbot kaagad sa mga nagsisipagpulong.

Gaya ng inaasahan, wala kahit anong inabutan ang mga pasistang buhong sa bahay-pulungan, liban sa ilang kopya ng daskrip ng mga rebolusyonaryong dula na sadyang iniwan ng mga aktibista upang mabasa ng mga sumasalakay na PC para kahit paano'y makadagdag ito sa pagkamulat ng mga iyon.

Nakikita dito kung paanong lumalakas ang pagtangkilik ng sambayanan sa pambansang demokratikong kilusan habang tumitindi at nagiging desesperado ang pagtatanggol ng reaksiyonaryong estado na sagpain ito.

Smash "New Society's" . .

they have been mapped of 'all creative energy. Then will they learn that only by participating in the just struggle of the Filipino people can they attain true freedom as artists.

Freedom is recognition of necessity. In our present society, it is, specifically, the recognition of the necessity to revolt against an oppressive and exploitative social system as represented by the U.S.-Marcos dictatorship.

Progressive artists have long recognized this need and have long sought to realize it in artistic works born of their own struggles and alive with the revolutionary fervor of the Filipino people. For these fighters in the cultural field, national art is not a sugar-coated imperialist dole-out, nay, not even canned bourgeois emptiness.

National art is art which is anti-imperialist and is of service to the broad masses of the Filipino people. It is art from the masses and for the masses alone!

SMASH "NEW SOCIETY'S" CULTURAL MACHINE

Last August, a group of Filipino artists demonstrated before Congress against what they deemed a tyranny of sort in the local art scene. The artists' proposal for a Commission on Culture had been passed by Congress but was not implemented. On the other hand, the Cultural Center of the Philippines was granted full autocratic powers to shape the arts of the nation, no doubt a move manipulated by Imelda Marcos, the self-appointed patroness of the arts under the U.S.-Marcos dictatorship.

This cultural tyranny further extends itself in the "new society" now that political power is solely in the hands of Ferdinand E. Marcos and his ilk. Included in the government's "re-organization" plans is the creation of an Institute of Arts and Letters to control and dictate the "acceptable" content and forms of art in the "new society". The deceit is immediately apparent as the Institute will encourage what is "Pilipino", that is, whatever will enhance the image of the "new society". That public performances must have "no political color of any kind" is also specified. (Underscoring theirs.)

The idea that art can and must be devoid of any political or ideological tint is of course a big baloney; it is this kind of reasoning that is invariably used by the ruling class and its representatives to conceal the fact that the art they create and foster is form-oriented (hence, it is mostly frivolous and inane) precisely to disguise its counter-revolutionary nature. Basic to this is the point of view of such art, by virtue of which it is of service to their class and to their class alone. This art also serves the ruling elite by its simple refusal to deal with immediate realities.

Since it is supposed that all is well in the "new society", there can be no protest or dissent in all presentations. Encouraged instead are romantic and escapist forms of entertainment: more Broadway musicals, more personal appearances of movie personalities, more saccharine stuffs to intoxicate us with more and more illusions. Much is made of film festivals. Already singers are warbling Christmas carols this early in the year to brighten up what are bleak times and to drown out voices of protest coming from an oppressed and exploited people. Radio and television stations continue to feed people with banal and nonsensical programs designed to transform them into intellectual icecubes. Entertainment of this kind plus the barrage of propaganda from Francisco Tatad's office aim to deceive the public into accepting the illusory achievements of the "new society".

The "new society" aims to control every sector of the populace. The Institute of Arts and Letters is geared towards the control and manipulation of artists and writers.

But the vile machinations of fascist cultural agents in the "new society" are doomed. Progressive writers and artists are not easily cowed by paper tigers; they will fight till their victory. Even bourgeois artists whom Imelda has seduced, and on whose works rests the basis for the "new art" of the "new society", are now beginning to realize that art is not independent of politics, that the "artistic freedom" they had often invoked was an illusion fostered by a decadent system that allowed the artists to deal with any theme as long as it was not inimical to the interests of the ruling class, and that "art" was such that those in power were falsely glorified by the unwitting artists.

The artists can see the shackles that the Institute has in store for them. They will be kept as curious pets meant to titillate decadent American businessmen and counter-insurgency agents, fat landlord-compradors and jaded bureaucrats and their bored wives. They will be lionized and pampered for as long as they reinforce the platitudes of the "new society". In such a "comfortable" prison, they will learn that they have hocked their talents to an exploitative system which will not let them go until

(Cont'd on p. 4)

"PILIPINO" CULTURE--A BIG HOAX

In a recent speech before the Philippine Nurses Association, Imelda Marcos boasted: "We are exerting efforts in stirring appreciation for everything truly Philippine--whether in the performing arts, consumer goods, everyday fashion, export products, or crafts--and this program supports the goal of our new way of life under the New Society." (Daily Express, Oct. 23, 1972.)

Contraposed to this claim are the plain facts.

The "new society's" cultural fare during its first month included exhibits in various art galleries by contemporary Filipino artists (among them, Malang and Ben Cabrera), plus a show of French prints (Picasso, Chagall) and another of contemporary American prints, a Polynesian dance show, a piano concert by two visiting Russian musicians, and a French opera (Carmen), all of which were held at the Cultural Center of the Philippines, that monstrous petchild of Imelda Marcos.

Vigor in the local art scene is usually measured in terms of the number and frequency of art exhibits by local artists, and along this line, there is a semblance of "vigor" in the local art scene under martial law. The nature of this art is another thing, however. To conclude that the works exhibited are "truly Philippine" by virtue of the artists' Filipino citizenship is, of course, an obvious non sequitur.

Malang, for example, has distinguished himself as painter and printmaker whose most "proletarian" characters and situations are reduced to harmless images that misrepresent the masses and romanticize their poverty. The moderns so-called, and they are of motley persuasions, are only peripherally concerned with "Philippine subject matter" and are given more to libidinal urges than to social needs.

Such is the reason why these artists are no more than innocuous flies in the eyes of the colonial masters and the local ruling class who coddle them. Indeed, "Filipino" art in the "new society" is essentially feudal and bourgeois art which caters to imperialist wishes and reinforces imperialist culture.

Furthermore, "cultural enlightenment" in the "new society" is essentially bourgeois cosmopolitanism, which is invoked often and manifested in the propagation of decadent culture of the ruling classes in other countries. This is the polar opposite of revolutionary internationalism which imbibes and learns from art created by the revolutionary people throughout the world in their struggle against exploitation and oppression.

A pattern of subservience to imperialism is seen in all "cultural projects" of the Marcos puppet regime. Imelda's chatter regarding the "nationalising" of "everyday fashion" and the attendant fashion extravagance of Malacanang habitues in official functions amount to a grand parody. Marcos' barong and Imelda's terno (and recently their wearing of beads in welcoming visiting minorities) are nothing but ludicrous instances of empty sartorial showmanship. (All these when millions of our people are concerned not with what to wear but simply with having something to wear.)

This and the matter of promoting local crafts are alleged to foster tourism (a potent economic booster in the eyes of the "new society"), but actually serve as a come-on for U.S. investments, thus providing more leeways for the economic exploitation of the Filipino masses.

Efforts at stirring appreciation for consumer goods which are "truly Philippine" must also be seen in the light of glaring realities. A spot check of four issues of the Daily Express revealed 87 advertisements for foreign manufactured products as opposed to only 43 advertisements for local products.

Too, there is the more important fact that appreciation for "truly Philippine" products can never be viable as long as local industries remain at the mercy of foreign monopoly-capitalist groups. Does Mrs. Marcos expect the Filipino people to appreciate Del Monte choice cuts with imperialist labels?

The ruling class brandishes its own culture against the broad masses of oppressed and exploited people, and it is in this light that we must, finally, take note of the fact that culture in the "new society" is consciously designed to deodorize the oppressiveness of martial law and military rule, "normalize" the situation in which the U.S.-Marcos dictatorship has declared civil war against the people, and lull them into submission and pessimism.

The deluge of counter-revolutionary propaganda and the consequent vicious suppression of the people's rights to free expression are integral aspects of the cultural program of the "new socie-

(Cont'd on p. 7)



MAY BABALA NG UNOS ANG BUNDOK
(Sa Panahon ng Proklamasyon 1081)

1.

Sa una'y kulimlim ang lahat ng dako,
Pagmasdan mo:
Panay ang hihip ng hangin
Sa lunsod at nayon
At ginagambala ang baybayi't bangin.

Ang ulang malakas ay darating ngayon
Magiging marahas ang piping panahon!

Nag-angat ng bibig ang tigang na lupa.
Nagbabadya
Ang pagkabuhay ng tanim
Muling pagsigla ng ugat:
May biyayang dala ang maunos na dilim...

Ang pagas na lupa sa ningning ay salat,
Kailangan na ngang datnan ng habagat!

2.

Durog na katawan
At duguang kalansay
Ang tanging tanim sa ganitong tagtuyot...
Sa ating Bayan!
Sa ating bayang ang lupit
Ng iilang tao ay panlagas sa marami,
Samantalang suko sa langit
Ang makatarungang sumpa ng higanti!

Durog na katawan at duguang
Kalansay
Ang nais ipunlaso sa lupang
Mayaman
Nang di makausbong sa alala nila,
Ang maningning kulay,
Ang sibol at lagablab ng diwang
Makabayan.

Kasama; iya'y pagkakamaliyan
Na pasimula lamang.
Dapat bang masindak sa limbas at ahas
Na traydor ang tapang?
Kasama: unti-unting ang tagtuyot
Ay papanaw...
Hindi maibabaon ang lahat:
Hindi maaaring palaging uhaw
Ang lupang mahal!

Durog na katawan
At duguang kalansay
Ang magpapapasariwa
Sa lupang mayaman

At ngayon, pagdating
Ng mabangsik na ulan
Maalab ang sibol
Ng halaman: Ang Bayan!

3.

Kasama, dinggin mo
Sa hanging palakas nang palakas
Sa lahat ng dako,
Ang awit ng bayan...

4.

Ang pagas na lupang
Sa ningning ay salat
Kailangan na ngang
Datnan ng habagat!

Ang ulang malakas
Ay darating ngayon
Magiging marahas
Ang piping panahon!

Darating ang lunas
Sa malaong uhaw
Laya'y salubungin
At laya'y isigaw!

Ang unos ng bundok
Pag ito'y sumulong
Katubusang ganap
Ng lunsod at nayon!

"Filipino" Culture...
ty". So are the empty claims and vile schemes of Imelda Marcos, Patroness of the Arts of the "New Society".

Reactionaries of all colors are wont to blow out of proportions the seemingly low ebb of revolutionary activities, including hitherto legal cultural activities of the revolutionary front. But there is more than what simply meets the eye.

Revolutionary artists and cultural workers are now gathering strength and expanding their ranks in the midst of the White terror trying to wreak havoc throughout the country. The cultural paper tigers of the "new society" will surely meet their final most ignominious defeat in the hands of the revolutionary fighters. Such is the irreversible trend of history.

SURIIN PO NATIN

NI Victorio del Pueblo

NG MGA FASISTA

Anak ng tinapa! Ano kaya'ng sumpong
Ang biglang umiral sa 'ting Apo Macoy?
Mintayos magsabing "eliminating in control"
Biglang nagdeklara ng Martial law ngayon.

Ang kanyang dinatnan, kung baga sa perang
Gamit sa kara-krus, isang doble-kara.
Pero Santa Clara! Kung nanduya sana
Ay di naman yaong ke-bulgar sa masa.

Eng tayo'y nanalig sa balitang Express
At mga buladas ni Tatad Tatarit,
Imp'yerno na ito'y sasabihing langit
At pati kulangot, magiging sorbetes.

Suriin po natin kung anong kolokoy
Itong tinatawag na martial law ng Pinoy
Ito nga ba'y iba? Ito nga ba'y peaceful?
Demokratiko ba? Bayan ang humato!...

Bayan ay magsuri; bayan ay makibaka.
Bayan ay magmasid sa ating paligid.
Totoo bang tayo'y higit na tahimik
At wala nang krimen, bisyo (pati tsismis)?

Tunay nga bang tayo'y higit na masigla
At sapat sa lahat ng orden at regla?
Ay! bayan sino ba ang di tatalima
Kung PC't Metrocom ang siyang nakikita!

At sino pa ngayon ang mangahahas
Ng katotohanan sa parang hayag?
Bawal magsalita, bawal ang magsulat,
Kapag lumabag ka ... sa Crame ang lagpak.

At saan pa naman ito magsasabi,
E neto't may sensor pati radyo't TV;
Sa kalsada't plasa'y kay daming ahente,
At may ahente pang kunwa'y taxi-taksi.

Lahat po ng sikat na mga kritiko,
Gaya ni Aquino, Diokno at Rodrigo,
Pinaratangan pong taksil sa gobyerno,
Mga komunista, kasama at lilo.

Ay! Isang pong ngayon bigla't tumutol ka
Tiyak na isa kang dilaherang komunista.
Kung hindi ka puti ay dun kang bula,
Sa gayon, nasaan itong demokrasya?

Ang sagot pa nito ay hindi komplikado
Kung bakit nagaganap itong komunismo
Pero putris naman, kung pulos ganito
Isang karangalang maging subersibo!

Ang totoo, bayan, kung pag-uusapan
Itong komunismo nang buong pagsalang,
Maaaburi nating ito'y ibang beggy
Kayang propagandang ating natutuhan.

Bukas kaya ito'y ayaw ipaturo,
Bawal pag-aralan kahit na ng guro?
Maganda nga kaya, dahil sa puno
Ng katotohanan ay aral sa gito?

Samantalang itong sabi'y "New Society"
Na demokratiko, at sabida'y groovy,
Wika nga ni Lolo ito'y lumang-dati,
Malabsang pakana ni Fascistang Ferdie.

Sa "Bagong Lipunan" tsamp'yon si Macoy,
Superstar ng TV at Haring Kobra-dor;
Pag putak ng ating Komander-Diktador,
Dapat na isagot: "Wen, Apo; wen, Manong".

Totoong may Korte, pero kortang papet;
Solyado ang bibig ng hukom at justice.
Kaso ng Martial Law, kunwa'y aalilitis,
Pero pustahan nan, luto na ang putris.

Totoong may Congress, ngunit klasang ano?
Ang Tong-gresman natin may tali sa ulo;
Ina pa, bulgar nang sila'y nagkarantso
At anumang business, sila'y magkasosyo.

Totoong may Con-Con, pero para que pa?
Mga de-lagay-do noon pa'y tuta na;
Sa bisa ng banquet, Toyota't Payola
Ang binagong batas, tiyak nang purnada.

Sa gayon, ano pa'ng pag-asa ng bayan
Sa batas militar na nangingibabaw?
Sikil na ang laya, perder pa ang yaman,
Habang nagpapaya ang b'waya't dayuhan.

Subarsyon, subersyon! ang sabi'y motibo
Ng pagdedeklara ng b'yableng martial law:
Pero hindi kaya ito'y nakinabo
Ng mga galamay ng imperyalismo?

Ano kayang papel ang 'pinatutupad
Ng U.S. bumbinasman, C.I.A. at JUSMAG
Sa aving diktador at papet na "mesyas"?
Ako ay lologro, lugot tayong lahat.

Kapalit ng sulong at mga proteksiyon,
Ibabenta tayo sa Kano ni Macoy!
Kaya't habang sila'y no special relation,
Ang palad ng bansa ay bangin ang tuloy.

Pero k'widaw sila, pag baya'y nagalit
Ay daig pa nila'ng pinugnaw ng lintik.
Hindi habang buhay tayong magtitiis,
Hindi habang buhay tayong tatahimik.

Pandarayang ito'y tiyak na lalaban,
Siguradong mauuna ang mga palabas;
Ang "bomba" ni Macoy, pagdating ng oras,
Sasabog, at siya ang di makaligtas.

TUTOL KAMI SA MARTIAL LAW!

ALYANSA NG BAYAN LABAN SA MARTIAL LAW